Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Si Hesus at Si Zaqueo

Sinulat ni: Edward Hughes
Ilinarawan ni: Janie Forest
Ibinagay ni: Ruth Klassen
Isinalin ni: Dulia Penalber
Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento, kung hindi ninyo ipagbibili.

Isang araw, si Hesus ay dumaan sa Jerico.

Itong bayang it ay winasak na Joshua noong unang panahon.

Ngayon ay pinagawa muli at maraming mga tao ang narihan doon. Ang isa sa kanila ay mamang nangalanang Zaqueo.



Marahil ang ibang mga tao sa Jericho ay ayaw nila sa Zaqueo, sapagkat nangungulekta siya ng buwis sa kanila. Si Zaqueo ay ipinadala ang pera sa pamahalaanbinulsa ang maraming pera para sa kanya.

Maging taga kolektor ng buwis ay nakapayaman sa kanya. Ang kanyang bahay ay pinakamalaki at pinamaganda sa buong bayan.



Pero napakaliit niya, unano, - hindi maliit sa pera, ngunit ang katawan.





Nang narinig ni
Zaqueo na si Hesus

ay nasa Jericho, ang maliit na taga paningil ng buwis ay gustong makita ang Lalake na galing sa Nazaret na nagsasabi na siya ay anak ng Diyos. Ngunit and pulotong ng mga tao ay makapal...ang mga tao ay matatangkad.



Si Zaqueo ay may kurokuro! makauna siya sa maraming tao … umakyat siya sa kahoy na nakaharang sa daan … sa ganon makikita niya si Hesus.


Umakyat sa sikamor na kahoy, si Zaqueo ay nakaupo ng mainam sa mga sanga na parang pugad at doon siya naghintay kay Hesus. "Mabuti ang aking tanawin," marahil naisip niya ito. "Makikita ko siya ngunit siya ay hindi makakita sa akin."

"Zaqueo, madali ka and bumaba ka riyan." Ang maliit na naniningil ng buwis ay hindi makapaniwala ng kanyang narinig. Si Hesus ay nakatayo sa ilalim ng kahoy. Tumingin si Hesus sa kanya. Tinawag siya ni Hesus.



Kung nagulat siya nang narinig niya na tinawag siya ni Hesus, lalo pa siya nagulat ng sinabi ni Hesus, "Ngayong araw Ako ay pupunta sa iyong bahay at tumahan doon." Si Zaqueo ay bilisbilis na bumaba sa kahoy, at kamuntik ng mahulog.

Tuwangtuwa si Zaqueo na dadalaw si Hesus sa kanyang bahay. Ngunit ang mga tao ay ayaw nitong pangyayari. Nagsireklamo sila na si Hesus dadalaw ng isang makasalanan na gaya ng mandarayang Zaqueo.



Si Hesus ay nagbigay ng panibagong buhay kay Zaqueo. Sinabi ni Zaqueo, "Panginoon, ibigay ko ang kalahati ng aking mga pagaari sa mga pulobi. At kung sakali't nasingil ako na may daya sakanino mang tao isa sauli ko ang makaapat."

Natuwa si Hesus sa panibagong buhay ni Zaqueo. Iniibig ni Hesus ang mga nagsisisi at gumawa ng katutuhanan. Sinabi Ni Hesus, "Ang anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala." Sa araw na yon sa Jericho ay natagpuan si Zaqueo!



Si Hesus at Si Zaqueo

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Lukas 19

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16